Update sa Pangkalahatang Plano ng Union City

Ina-update ng Union City ang Bisyon nito para sa Kinabukasan!

Simula sa Hunyo ng taong ito, ang Lungsod ng Union City ay nagpasimula ng dalawang taon na proseso upang i-update ang Pangkalahatang Plano ng Lungsod, na huling inapdate noong 2002. Ang Pangkalahatang Plano ay ang "blueprint" ng Lungsod na gumagabay sa pagpapasya sa paggamit ng lupa, transportasyon, imprastraktura, desinyo ng komunidad, pangkapaligirang usapin, at iba pang mahahalagang paksa na nakakaapekto sa komunidad. Ang Pangkalahatang Plano ay isang dokumentong pampagpaplano na pangmalayo na titingin nang maaga hanggang 2040. Ang update ay hindi lang magsasapanahon ng mga patakaran at programa, ngunit magpoposisyon din sa Union city sa susunod na 25 taon.

Ang pinakamahalagang bahagi ng proseso sa Update sa Pangkalahatang Plano ay ang pakikilahok ng publiko. Ang matatanggap naming komento ng publiko ay makakatulong sa paghugis ng mga bisyon, mga layunin, at mga patakaran ng Pangkalahatang Plano. Bisitahin ang website ng Pangkalahatang Plano (www.uc2040.com) at sumali sa talaan ng email upang manatiling may-alam. Dumalo sa paparating na mga workshop ng komunidad, lumahok sa online na porum ng munisipyo, at iparinig ang inyong boses. Mangyaring imbitahin ang inyong mga kaibigan; kailangan namin ang inyong tulong upang ikalat ang salita tungkol sa proseso ng Update ng Pangkalahatang Plano.

MGA YUGTO NG PROSESO NG PANGKALAHATANG PLANO

1. Pagpapasimula ng Proyekto *(Summer 2014)*
2. Ihanda ang Background na Datos *(Summer hanggang Winter 2014)*
3. Alamin ang Mga Isyu at Mga Oportunidad at Kumpirmahin ang Bisyon *(Summer hangang Fall 2014)*
4. Mga Alternatibo *(Fall 2014 hanggang Winter 2015)*
5. Maghanda sa Pangkalahatang Plano *(Winter 2014 hanggang Fall 2015)*
6. Pangkapaligirang Pagrepaso *(Winter 2014 hanggang Fall 2015)*
7. Pagsunod sa Pangkalahatang Plano at Pinal na Mga Dokumento *(Fall 2015 hanggang Spring 2016)*

Manatiling May-alam! Makilahok

Bumisita sa website ng proyekto at porum ng munisipyo

Ang website ng Pangkalahatang Plano (www.uc2040.com) ay madalas na ina-update sa mga dokumento, mga anunsiyo ng pagpupulong, at mga update sa proyekto. Ang mga miyembro ng komunidad ay maaari ring pana-panahong lumahok sa mga online na porum ng munisipyo.

Mag-sign up para sa talaan ng email ng Pangkalahatang Plano

Bumisita sa website ng Pangkalahatang Plano sa www.uc2040.com at mag-sign up para sa talaan ng email. Ang talaan ng email ay gagamitin upang magpadala ng mga abiso tungkol sa nalalapit na mga pagpupulong at mga workshop ng komunidad, mga milestone ng proyekto, at mga bagong dokumento.

Dumalo sa mga workshop ng komunidad

Ang Lungsod ay magdadaos ng serye ng interactive na mga workshop sa komunidad sa mga mahahalagang punto sa proseso ng Update ng Pangkalahatang Plano. Ang mga detalye ng paparating na mga workshop ay makikita sa website ng proyekto.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

Carmela Campbell, Planning Manager
Telepono: (510) 675-5319 **Email:** uc2040@unioncity.org